22102050

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Friday 14 May 2010 (morning)
Vendredi 14 mai 2010 (matin)
Viernes 14 de mayo de 2010 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste a una pregunta.


© International Baccalaureate Organization 2010

https://xtremepape.rs/

*Sumulat ng sanaysay sa* ***isa*** *sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural* ***at/o*** *opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

**Wika at Kultura**

**1.** Si Ludwig Wittgenstein ay nagsabi minsan na "Ang mga hanggahan ng aking wika ay nangangahulugan ng mga hanggahan ng aking daigdig." Ipaliwanag ang kaisipang ito batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**2.** Kadalasan, ang pagkakaiba-iba ng mga wika at kultura ay humahantong sa di-pagkakaunawaan sa pagitan ng magkakaibang mga lipi. Ayon sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, gaano ang iyong pagsang-ayon sa pahayag na ito?

**Medya at Kultura**

**3.** Talakayin kung paanong may kapangyarihan ang mass media na lumikha ng mga bagong isteryutipo na maaaring makabuti o makasama rin sa lipunan.

**4.** Sumasang-ayon ka ba na maaari ring magdulot ng mabuti ang pagsesensura sa mass media?

**Mga Isyung Panghinaharap**

**5.** Dahil sa pag-unlad ng siyensiya at medisina, humahaba na ang buhay ng mga tao. Dapat ba tayong makuntento o mabahala sa isang hinaharap kung saan humahaba na ang buhay ng mga tao? Sa iyong sagot magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Pandaigdig**

**6.** Realistiko bang asahan ang mga indibidwal na aktibong makisangkot sa paglutas sa problema ng *global warming*? Sa iyong sagot magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Panlipunan**

**7.** May kasabihan na "Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang." Ipaliwanag kung paano tayo maaaring gabayan ng kasabihang ito sa paglutas ng problema ng di-pagkakapantay-pantay ng mahirap at mayaman sa lipunan.



https://xtremepape.rs/

**Mga Tanong Panliteratura**

**8.** Makatuwiran bang igiit na ang isang akdang pampanitikan ay dapat na mayroong leksiyong moral? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**9.** Paano naiimpluwensiyahan ng panahon o *epoch* ang mensahe ng tekstong pampanitikan? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan.

**10.** Sa mga tekstong iyong napag-aralan, paano napaiigting ng tunggalian ang mensaheng nais iparating ng akda?



https://xtremepape.rs/